Mga Pamantayan ng Pagnenegosyo ng PerkinElmer

ANG MGA PAGPAPAHALAGANG PANG-ETIKA AT PANGNEGOSYO NG PERKINELMER

Layunin

Ang Mga Pamantayan ng Pagnenegosyo ng PerkinElmer ("Mga Pamantayan") ay tumutukoy sa mga pagpapahalaga at prinsipyo na gumagabay sa aming mga pakikitungo sa pagnenegosyo. Kami ay nagnenegosyo at tulong-tulong na nagtatrabaho nang may matatag na pagkilala sa mga etika. Ang PerkinElmer ay nakatuon sa katapatan, integridad at pagkakapantay-pantay sa lahat ng aming ginagawa, upang ang aming mga aktibidad ay positibong makikilala sa aming mga stockholder, sa merkadong aming pinagsisilbihan, sa komunidad at sa aming mga sarili. Ang mga prinsipyong ito ay hindi na bago sa PerkinElmer. Ang mga ito ay simpleng muling pagpapahayag ng aming matagal nang patakaran na ang lahat ng gawain ng mga empleyado at kinatawan ng PerkinElmer ay isasagawa nang ayon sa etika at sumusunod sa lahat ng nalalapat na batas.

Ang pagpapasiyang ayon sa etika ay nangangailangan ng isang pagkaunawa sa pansarili at sa PerkinElmer na mga pagpapahalaga at prinsipyo na may kalakip na mahusay na pansariling pagpapasiya. Ikaw ang gumaganap sa pinakamahalagang papel sa proseso ng pagpapasiyang ayon sa etika at, sanhi nito, sa pagpapatupad ng mga pamantayang pang-etika ng PerkinElmer.

Kakayahang Maisakatuparan

Ang Mga Pamantayang ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga direktor, opisyal at empleyado ng PerkinElmer at mga sangay nito, maliban kung ang pagsunod sa Mga Pamantayang ito ay lalabag sa isang batas.

Mga Papel ng mga Tagapamahala at Indibidwal na Empleyado

Ang mga tagapamahala ng PerkinElmer ay responsable sa pagtalakay ng Mga Pamantayan na ito sa lahat ng mga empleyado sa kanilang organisasyon at sa pagtiyak na ang mga tuntunin nito ay naiintindihan at sinusunod. Ang bawat tagapamahala ay responsable para sa pagtupad ng masigasig na pangangasiwa upang matiyak na ang mga empleyadong saklaw ng kanyang responsibilidad sa operasyon ay may pag-uugali sa pagnenegosyo na ayon sa etika at sa batas. Ang bawat empleyado ay may tuwirang personal na pananagutan sa pagsunod ng mga tuntunin ng Mga Pamantayan at sa pagkukusang humingi ng tulong o paglilinaw upang maiwasan ang mga desisyong pangnegosyo na labag sa etika o batas.

Kapag may pagdududa patungkol sa isang isyung may kinalaman sa etika, makakatulong na tanungin ang iyong sarili:

* Kapag napag-alaman ang aksyong ito, makakapinsala ba ito sa reputasyon ng PerkinElmer o sa kung sinumang inidibidwal, kabilang ang sarili ko?
* Mapapahiya ba ako kung malalaman ng iba na nagawa ko ang aksyong ito?
* Kung nabaligtad ang kalagayan, ano ang mararamdaman ko kung ako ang nakatanggap ng aksyong ito?
* Mayroon bang magagawang ibang aksyon na hindi sumasalungat sa etika?
* Dapat ba akong makipag-usap sa isang opisyal sa PerkinElmer bago ko gawin ang aksyong ito?

Ang iyong tagapamahala ang maaaring iyong unang mapagkukunan ng payo tungkol sa mga bagay tungkol sa etika. Sa isang banda, maaari ka ring mag-ulat ng anumang patungkol sa etika o pagtupad sa pamamagitan ng telepono o elektronikong pahatid-sulat sa Hotline ng Etika ng PerkinElmer o direkta sa sinuman sa mga opisyal ng kumpanya na nakalista sa hulihan ng dokumentong ito. Para sa higit pang mga detalye, tingnan ang "Mga Patakaran sa Pag-uulat" sa hulihan ng Mga Pamantayang ito.

ANG MGA PAKIKITUNGO NG PERKINELMER

Ikaw at ang PerkinElmer

Bilang isang empleyado ng PerkinElmer, kikilalanin ka bilang isang pagsasalamin ng Kumpanya. Ito ay magiging totoo sa mga panahon ng hindi pagtatrabaho at maging sa mga panahon ng pagtatrabaho. Inaasahan kang maging tapat at tunay sa mga prinsipyo ng Kumpanya na katapatan, integridad at pagkakapantay-pantay at maging sa mga atas ng iyong trabaho, at magpakita ng pag-uugali sa isang paraang may etika na nagbibigay-pugay sa iyong sarili at sa Kumpanya.

Pakikitungo sa kasama at sa pagitan ng mga Empleyado

Ang PerkinElmer ay may matatag na pagtuon sa pagbibigay ng pare-parehong pagkakataon nang walang pagkilala sa edad, kasarian, lahi, relihiyon, kulay, sekswal na pagkiling, pinanggalingang bansa, kapansanan o iba pang katayuang protektado. Nirerespeto namin ang mga pagkakaiba-iba sa mga pinanggalingan, karanasan at pananaw na taglay ng mga indibidwal sa kanilang pagpunta sa PerkinElmer. Interesado kami sa pagtanggap ng mga manggagawang may integridad na pinaniniwalaan naming makapagbibigay ng mahusay na pagganap.

Inaasahan namin sa lahat ng mga empleyado ang pagtanggap at pagrespeto sa isa't-isa bilang mga kapantay, na may pag-uugali ng pagtutulungan, paggalang, at kunsiderasyon. Walang indibidwal o mga grupo na ipagpapalagay na "pangalawang uri." Hindi papayagan ng PerkinElmer ang anumang pag-uugali ng sinumang empleyado na magdidiin, gagambala, o makikialam sa pagganap sa trabaho ng iba pang empleyado o di kaya'y

nagdudulot ng isang kapaligiran sa trabaho na nakakasindak, nakakasakit, mapang-abuso, o mapang-away.

Ang PerkinElmer ay nakatuon sa pananatili ng isang kapaligiran sa pagtatrabaho na ligtas at sumusunod sa mga batas na sumasaklaw sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho. Dapat ay palagi mong susundin ang mga naitaguyod na batas patungkol sa kaligtasan, kapaligiran, at kalusugan, at dapat ay maramdaman mo na naisagawa mo at ng Kumpaya ang mga nararapat na pag-iingat para sa kalusugan at kaligtasan sa lahat ng mga gawain at trabaho. Agad na ipagbigay-alam sa naaangkop na tagapamahala ang anumang pangyayari o pagkasugat na natamo sa trabaho, o ang anumang ikinababahala mo na may patungkol sa kapaligiran, kalusugan o kaligtasan. Ang angkop at napapanahong aksiyon ay gagawin upang iwasto ang mga di-ligtas na kondisyon.

Alang-alang sa kaligtasan, kalidad at kunsiderasyon sa iba pang mga empleyado, ang lahat ng mga lugar ng pagtatrabaho sa kabuuan ng Kumpanya ay hindi maaaring pasukin ng alak at mga ipinagbabawal na gamot. Walang anumang trabaho ang isasagawa o anumang makina ang paaandarin ng sinumang nasa ilalim ng impluwensya ng alak o ipinagbabawal na gamot. Gayon din, ang mararahas na kilos o banta ng karahasan ay hindi pababayaan.

Ang pangunahing trabaho ng iyong tagapamahala ay ang gawing posible na maisagawa mo ang iyong trabaho sa isang mahusay at mabisang paraan, upang ikaw ay gumanap sa isang paraan na nagdudulot ng mahuhusay na produkto at serbisyo na nagbibigay ng ibayong kasiyahan sa mga parokyano. Kung nakita mo na ang mga pangyayaring wala sa iyong kontrol ay ginagawang imposible para sa iyo na gumanap sa paraang ito, kausapin ang iyong tagapamahala sa lalong madaling panahon upang makagawa siya ng aksiyong pangwasto.

Pakikitungo sa Mga Parokyano o Customer

Ipinagmamalaki ng PerkinElmer ang matatag at kapuri-puring pakikitungo na aming itinaguyod sa aming mga parokyano o customer habang nakikipagtulungan kami sa kanila upang matustusan ang kanilang mga nagbabago-bagong pangangailangan. Ang mga pakikitungong ito ang susi sa aming tagumpay at ang pagtatatag ng matagumpay na mga kaugnayang ito ay gumugol ng panahon. Ang aming layunin ay ang makapagdulot ng mga mahuhusay na produkto, serbisyo at pang-sunod na suporta sa naaakmang mga presyo. Uunlad lamang kami kung malalaman namin kaagad ang mga nagbabagong pangangailangan ng aming mga parokyano at nakahandang tumugon at maabot ang mga pangangailangang iyon.

Susunod kami sa mga batas at regulasyon na sumasaklaw sa pagbibili ng mga bilihin at serbisyo ng aming mga parokyano. Makikipagkumpetensya kami nang malinis at ayon sa etika para sa lahat ng pagkakataong pangnegosyo. Kung kami ay sangkot sa mga panukala, paghahanda ng bid, o negosasyon sa kontrata, ang lahat ng mga pahayag, pagbibigay-alam at pagkakatawan sa mga posibleng maging parokyano ay kailangang maging kumpleto, wasto at makatotohanan. Sa sandaling igawad, ang lahat ng kontrata ay dapat ganapin na sumusunod sa mga angkop na nakalagay sa kontrata at mga hinihingi nito.

Ang kalidad at integridad ng aming mga produkto at serbisyo ay pangunahin ding pinagkakaabalahan. Ang aming mga parokyano ay bumibili sa PerkinElmer dahil nagdudulot kami ng mga produkto at serbisyong may mahuhusay na kalidad. Ang mahusay ay nangangahulugang ang aming nga produkto at serbisyo ay mas magaling na gumagana kaysa sa iba pang maaaring mabili sa merkado, at binibigyan-turing namin ang aming mga parokyano nang walang-daya, may katapatan at respeto. Ang kalidad ay inilalagay sa aming mga produkto, simula sa ideya at pagdidisenyo, hanggang sa pag-inhinyero ng pagbubuo, pagpapabrika, at pagsusuri. Ang kalidad ay ang responsibilidad ng bawat isa sa amin na humahawak ng produkto o serbisyo sa kabuuan ng lawig ng buhay ng produkto o serbisyo. Dapat mong ipagbigay-alam sa tagapamahala ang anumang pagkawala ng kontrol sa kalidad o mga pamamaraan sa pagsubok at inspeksiyon.

Pakikitungo sa mga Tagapagbenta o Vendor

Ang mga tagapagbenta na nagdudulot ng mga de-kalidad na piyesa at serbisyo ay isang mahalagang bahagi ng kakayahan ng PerkinElmer na bumuo ng mga mahuhusay na produkto at serbisyo para sa ating mga parokyano. Inaasahan namin na ang aming mga tagapagbenta ay mga taong may integridad na bumubuo ng mga piyesa na may mahusay na kalidad na inihahatid sa tamang oras, at sa mga presyong maganda. Ang PerkinElmer ay laging gagamit ng mga paraang sumusunod sa pinakamataas na hinihingi ng etika sa pagpili ng pagmumulan, negosasyon, at pagsasagawa ng lahat ng pagbili. Igagalang namin at pangangalagaan ang impormasyon ukol sa pag-aari at mga lihim pangkalakal ng mga nagbibili sa amin.

Pakikitungo sa mga Kakumpetensya

Ang mga pakikitungo sa mga kakumpetensya ay palaging isang paksang pinag-iingatan. Laging may isyu ukol sa batas sa antitrust at tinatalakay ito nang mas detalyado sa Mga Pamantayan na ito. Kami ay natural na interesado sa anumang impormasyon patungkol sa aming mga kakumpetensya na makukuha sa pamamagitan ng mga pampublikong pagkukunan o iba pang mga pagkukunan na nirerespeto ang pang-personal na pagkapribado ng mga kakumpetensya at ang mga interes ng mga ito patungkol sa pag-aari. Titiyakin namin ang paggamit ng mga tinatanggap na pamantayan sa malinis na pagkilos at legalidad kapag kumukuha ng impormasyong ito.

Makikipagkumpetensya kami base sa presyo at pagganap ng aming mga produkto o serbisyo, ang aming serbisyo, suporta at garantiya, at ang aming pagiging nasa tamang oras at kakayahang tumugon.

Pakikitungo sa Komunidad

Umaasa kami na mahatiran ang mga komunidad kung saan kami nakatira at nagtatrabaho ng mga may-kakayahang tao na tutulong sa mga gawain sa pamumuno sa sakop ng komunidad. Sa saklaw na ang mga panlabas na gawaing ito ay angkop sa iyong mga

interes at hindi nakakasagabal sa pagganap mo ng trabaho, hinihimok ka naming gawin ang mga ito.

Para sa anumang panlabas na gawain na sangkot ang makabuluhang haba ng panahon sa normal na oras ng pagtatrabaho, kinakailangang makakuha ng paunang pahintulot mula sa iyong tagapamahala. Tiyakin na naiintindihan mo ang mga hinihingi ng anumang panlabas na gawain, at nadarama mo at ng iyong tagapamahala na hindi mababawasan ang iyong kakayahang gampanan ang mga tungkulin sa PerkinElmer sa mahusay na paraan kung itutuloy mo ang gawain sa loob o labas ng mga normal na oras ng trabaho.

PAGSUNOD SA MGA BATAS AT ALITUNTUNIN

Pangkalahatan

Isinasagawa namin ang aming pagnenegosyo alinsunod sa lahat ng mga naaakmang batas at regulasyon. Ang bawat isa sa amin ay may personal na pananagutan sa pagtupad ng obligasyong ito. Kailangang siguraduhin ng mga tagapamahala na alam ng mga empleyado kung ano ang kinakailangan ng batas at maintindihan ang kahalagahan ng pag-akma ng kanilang pagkilos sang-ayon sa batas. Hindi lamang ang pagsunod sa batas ang bumubuo sa ating kabuuang responsibilidad patungkol sa etika; ito ay isang pinakamaliit, lubos na mahalagang kundisyon para sa pagganap ng aming mga tungkulin. Kung mayroon kang anumang mga katanungan sa mga tiyak na batas o regulasyon, dapat kang makipag-alam sa Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer.

Antitrust

Lubusan kaming sumusunod sa mga batas patungkol sa antitrust na nalalapat sa aming mga operasyon sa buong mundo. Malinaw ang mga saligang prinsipyo sa likod ng mga batas na ito: ang isang tao na bumibili ng mga bilihin sa merkado ay dapat makapamili sa iba't-ibang mga produkto sa mga magagandang presyo na hindi pinipigilan ng mga hindi natural na pagrerenda sa pagitan ng mga magkakakumpetensiya, bilang halimbawa, pag-aayos ng presyo, mga paglalaan sa mga parokyano, mga kasunduan upang rendahan ang produkto, mga labag sa batas na monopolyo at kartel, mga boycott at pagsasabuwatan. Naniniwala kami sa mga prinsipyong ito ng malaya at makumpitensiyang pangangalakal at matatag na naninindigan para dito.

Ang mga batas na patungkol sa antitrust at kumpetisyon ay lubhang teknikal at maaaring magkaiba-iba mula sa isang bansa tungo sa iba pang bansa. Ang maikling buod ng batas sa ibaba ay naglalayong tumulong sa mga empleyado na kilalanin ang mga kalagayan na maaaring may may implikasyong antitrust upang makasangguni sila sa Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer.

Ang pagtalakay ng anuman sa mga sumusunod na paksa sa mga kakumpetensya, maging patungkol man sa PerkinElmer o sa mga produkto ng kakumpetensya, ay ipinagbabawal: mga nakaraan, kasalukuyan at hinaharap na presyo, mga alituntunin sa pagpepresyo, mga bayad sa upa, bid, diskwento, promosyon, kita, gastos, tuntunin o kundisyon ng pagbenta, mga royalty, mga warranty, pagpili ng mga parokyano, mga merkado ng teritoryo, mga kakayahan sa pagpapabrika o mga plano, at mga imbentaryo.

Ang mga magagandang presyo ay dapat na makamit lamang mula sa mga legal na panggagalingan maliban sa mga kakumpetensya, tulad ng mga nakalathalang listahan at ang aming mga parokyano.

Kung, sa anumang pagpupulong ng asosasyon sa kalakalan, napag-alaman mo ang anumang pormal o di-pormal na talakayan tungkol sa, bilang halimbawa:

- mga presyo
- mga diskwento
- mga alokasyon sa parokyano
- mga kasunduan upang rendahan ang produkto
- di-pagsasali ng mga kasapi
- mga tuntunin at kundisyon ng pagbenta
- pagtanggi na tumanggap ng mga kasapi o makipagkalakalan sa isang parokyano
- pagpapare-pareho sa mga kasapi ng mga tuntunin, warranty, o katangian ng produkto

dapat na agaran kang lumisan mula sa pagpupulong, at ipagbigay-alam ang bagay na ito sa Kagarawang Pambatas ng PerkinElmer. Ang mga pagrerenda sa pagtalakay ng mga katangian ng produkto ay hindi sasaklaw sa mga kinikilalang organisasyon sa pagtatakda

ng mga batayan na nagtatakda ng mga batayan maliban sa layunin ng di-pagsali ng mga kalahok sa merkado.

Sumangguni sa Kagarawang Pambatas ng PerkinElmer at sa naaangkop na mataas na tagapamahala sa pagbebenta bago bumuo o tumapos ng isang pakikitungo sa, o tumangging magbenta sa, isang tagapagbenta, isang tagapamahagi, parokyano, o posibleng parokyano. Habang ang PerkinElmer ay malayang pumili ng mga sariling nitong parokyano, ang mga pagtatapos at pagtangging magbili ay maaaring humantong sa tunay o ipinaparatang na mga paglabag sa batas na antitrust.

Ang mga tagapamahagi at tagapagbenta ay maaaring muling magbenta ng mga produkto ng PerkinElmer sa presyong kanilang itinaguyod nang hiwalay, at maaari silang humawak ng mga kalabang bilihin. Hindi ka maaaring magkaroon ng unawaan o pakikipagkasundo sa isang tagapamahagi o tagapagbenta na itataguyod ang presyo na kailangang singilin ng tagapamahagi o tagapagbenta sa kanilang mga parokyano. Ang mga paglilimita sa isang teritoryo ng tagapamahagi o sa mga uri ng parokyano ay kailangan repasuhing katuwang ang Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer bago ito ipatupad.

Labag sa alituntunin ng PerkinElmer ang pagsagawa ng mga pagbili mula sa isang tagatustos na nakasalalay sa pagpayag ng tagatustos na bumili mula sa amin.

Ang mga pag-iisa o merger, pagtatamo o acquisition at mga joint venture ay maaaring paghigpitan o ipagbawal ng mga batas sa antitrust sa ilang mga pangyayari. Dahil sa ang masalimuot na mga salik pambatas at pang-ekonomiya ay maaaring magbunga sa pagtatasa ng mga ganitong gawain, bawat gayong transaksiyon ay dapat na maunang pag-aralan kasama ang Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer.

Ang Foreign Corrupt Practices Act

Ang Foreign Corrupt Practices Act ay nagbabawal sa PerkinElmer mula sa pag-aalok o pagbabayad ng anumang salapi o ibang pang bagay na may halaga, direkta o di-direkta, sa sinumang opisyal ng dayuhang gobyerno, dayuhang partidong pampulitika o mga opisyal nito, o kandidato sa panunungkulan sa tanggapang pampubliko, para sa layunin ng di-wastong pagkakaroon o pagpapanatili ng negosyo o nakakaimpluwensya sa aksiyon ng gobyerno pabor sa PerkinElmer. Kabilang sa mga gayong ipinagbabawal na kabayaran ang sa pagkunsulta, sa broker, sa finder o nakatagpo o iba pang mga babayaring binayaran sa ikatlong partido kung saan walang dahilan upang paniwalaan na anumang bahagi ng nasabing kabayaran ay ibinahagi sa, o para sa kapakinabangan ng, mga dayuhang opisyal o mga partidong pampulitika para sa mga di-wastong layunin.

Ang mga pagbabawal na yaon ay hindi humahadlang sa makatwiran at bona fide o tunay na paggugol upang magbigay ng pagkain o paglalakbay sa mga dayuhang opisyal, basta’t ang mga paggugol na iyon ay ginawa para sa layunin ng pagpapakilala ng mga makabuluhang empleyado ng gobyerno sa produkto ng PerkinElmer, mga serbisyo o impormasyon, at legal sa nasasakupan ng bansa. Dagdag pa dito, ang kaluwagan sa mga kabayaran o tip ng di-umanong halaga para sa mga mababang antas na empleyado ng dayuhang gobyerno ay

tinatanggap kung saan ito ay kaugalian o kasanayan sa bansang iyon upang mapabilis ang pagganap ng karaniwang mga tungkuling panglingkuran. Walang pangyayaring aalukin sila kung ang layunin ay para makakuha ng pinaborang pagtrato o mga espesyal na benepisyo na hindi karapat-dapat ang PerkinElmer. Dapat ay wasto mong maitala ang layunin ng anuman sa mga gastos na ito at kumunsulta sa Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer bago magsagawa ng anumang kabayaran.

Mga Batas Para sa Import/Export

Bilang isang internasyunal na kumpanya, kailangang pagtuunan ng pansin ng PerkinElmer ang mga batas at regulasyon na sumasaklaw sa mga aktibidad na import at export.

Pinagbabawalan ng batas ng U.S. ang mga kumpanya sa U.S. (at ang kanilang mga kinokontrol na dayuhang subsidiary) mula sa pagsunod sa mga internasyunal na boykot pang-ekonomiya laban sa mga bansang kaibigan ng U.S. at sa pagbibigay ng impormasyon ukol sa mga pakikitungo sa pagnenegosyo sa mga bansang binoykot. Kailangan ipagbigay-alam ng PerkinElmer ang anumang direkta o hindi-direktang paghiling upang lumahok sa isang hindi-pinayagang boykot o ang anumang ipinagbabawal na impormasyon na patungkol sa boykot sa Kagawaran ng Komersyo ng U.S. o U.S. Department of Commerce. Kung ang mga takda ng anumang transaksiyon ay tumutukoy sa naturang boykot, dapat kang humingi ng angkop na payo mula sa Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer.

Ang mga produkto at teknikal na impormasyon ng PerkinElmer ay saklaw ng mga batas at regulasyon sa pagkontrol ng export. Ang mga batas ng U.S ay nagbabawal sa ilang tuwirang paglilipat, at ang mga paghihigpit na ito ay may mga pagkakataong nalalapat sa pagbebenta ng mga produktong PerkinElmer. Ang mga produkto ng PerkinElmer ay hindi dapat na direkta o di-direktang iluwas para sa anumang paggamit na ipinagbabawal ng bansang destinasyon. Dagdag pa dito, ang mga produkto ng PerkinElmer ay hindi dapat na direkta o di-direktang iluwas, maging mula sa U.S. o mula sa iba pang bansa, patungo sa mga “na-embargong” bansa kung saan ang pagbebenta ay ipinagbabawal ng batas ng U.S. Ang mga bansang kasalukuyang nasa listahan ng na-embargo ay ang Cuba, Iran, North Korea, Sudan at Syria. Dagdag pa dito, ang mga internasyunal na paglilipat ng mga tiyak na produkto at teknikal na impormasyon ng PerkinElmer ay maaaring mangailangan ng pag-aapruba ng lisensya sa ilalim ng mga batas at regulasyon ng U.S. at mula sa gobyerno ng iba pang mga bansa. Ang mga gayong paglilipat ay sumasailalim ng istriktong mga tadhana at kundisyon sa ilalim ng batas. Ang pag-akses ng mga dayuhang nasyunal – maging sa ibayong dagat o nagtatrabaho sa aming mga pasilidad – upang makakuha ng mga tiyak na impormasyon ay mapaniniwalaang isang “export” at ipinagbabawal din. Kung isang dayuhang nasyunal ang magkaka-akses, ang tagapamahala ay dapat magsuri muna upang matiyak na siya ay karapat-dapat sa pahintulot.

Madalas na nagbabago ang mga batas sa import/export at maaari itong maging kumplikado. Kung ikaw ay sangkot sa internasyunal na pagbebenta ng mga produkto ng PerkinElmer, siguraduhin mo na ang lahat ng mga pagbebenta ay maayos na pinahintulutan at ang lahat ng mga transaksyon ay ganap at wastong nakadokumento. Kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa mga restriksiyon sa internasyunal na bentahan, mga kinakailangan

sa lisensiya, na maaaring bumubuo ng isang “export” o anumang isyung nauugnay sa pag-aangkat/pagluluwas, makipag-alam sa Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer.

Securities at Insider Trading

Sa panahon ng iyong pagiging empleyado ng PerkinElmer maaaring malaman mo ang tungkol sa impormasyon ukol sa PerkinElmer o iba pang mga kumpanya (bilang halimbawa, mga tagatustos, tagapagbenta, subcontractor) na hindi alam ng publiko. Ang paggamit ng o pangangalakal ng anumang materyal na di-pampubliko o impormasyong “panloob” tungkol sa PerkinElmer o ibang kumpanya para sa iyong pananalapi o iba pang pakinabang ay isang paglabag sa batas at nga mga patakaran ng PerkinElmer. Ginagawang labag sa batas ng mga batas ng U.S. ang sinuman na may “materyal" na di-pampublikong impormasyon tungkol sa isang kumpanya upang mangalakal ng stock o iba pang seguridad ng kumpanyang iyon o upang magbunyag ng mga gayong impormasyon sa iba pang maaaring mangalakal.

Ang "material inside information" o makabuluhang panloob na impormasyon ay ang impormasyong hindi ibinubunyag sa publiko at sa makatuwirang paraan ay maaaring maasahan na makaapekto sa halaga sa merkado ng mga securities ng korporasyon o maipluwensyahan ang mga pagpapasya ng mga mamumuhunan. Ang ganoong impormasyon ay maaaring kalakip ang mga di-pampublikong impormasyon ukol sa pinansyal na pagganap kabilang ang mga kita at aksyon sa dibidendo; mga pagkabili o iba pang mga pagsasanib ng negosyo; mga pagbebenta; mga malakihang pag-anunsyo ng bagong produkto; makabuluhang paglilitis; at iba pang mga makabuluhang aktibidad. Alinman sa positibo o negatibong impormasyon ay maaaring ituring na materyal.

Bukod sa pagsunod sa mga batas patungkol sa insider trading, kailangan mo din sundin ang Patakaran sa Pangangalakal ng PerkinElmer, na mas mahigpit. Bilang halimbawa, hindi ka maaaring makibahagi sa mga “maiikling” bentahan ng mga stock ng PerkinElmer (bentahan ng mga stock ng PerkinElemer na di mo pag-aari), maliban bilang bahagi ng pinahintulutang "cashless" na paggawa ng mga opsiyon sa stock, at hindi ka maaaring magkalakal sa mga opsiyon, warrants, puts, calls, o anumang anyo ng deribatibong seguridad o instrumentong nauugnay sa stock ng PerkinElmer.

Kung ikaw ay isang direktor, opisyal o itinalagang "limitado" na empleyado ng PerkinElmer, ikaw ay sumasailalin din sa mga karagdagang paglilimita na itinakda sa Patakaran ng PerkinElmer sa Securities Trading. Bilang halimbawa, ang Patakarang ito ay naglilimita sa iyong kakayahan sa mga tukoy na panahon upang mamili ng stock ng PerkinElmer, magbenta ng stock na nakuha alinsunod sa mga gawaing opsiyon sa stock, o makibahagi sa mga “cashless” na gawaing opsiyon sa stock. Gayon din, ang Patakarang ito ay humihingi sa iyong nauunang pagkuha ng pahintulot mula sa Pangkalahatang Tagapayo ng PerkinElmer bago ang pangangalakal sa mga stock ng PerkinElmer.

Pangkapaligiran, Kaligtasan at Kalusugan

Ang PerkinElmer ay nakatuon sa pangangalaga ng kapaligiran at sa kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado nito, ang kanilang mga pamilya, ang kanilang mga komunidad at ang publiko. Itinataguyod at pinananatili ng PerkinElmer ang kasanayan sa pamamahala sa mahusay na kapaligiran, kaligtasan at kalusugan upang makamit ang layunin na ito at masigurado ang pagsunod sa mga batas, regulasyon at utos ng mga responsableng awtoridad ng gobyerno kung saan man nagsasagawa ng operasyon ang PerkinElmer at ang mga subsidiaries nito. Ang bawat tagapamahala ay responsable para sa pagtulong na makamit ang mga layuning ito at masigurado na ang PerkinElmer ay kumikilos nang sang-ayon sa batas at sa patakaran ng PerkinElmer. Ang grupong Pangkapaligirang Kaligtasan at Kalusugan sa loob ng Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer ay naghahandog ng pagsangguni, edukasyon, pangangasiwa at pagsusuri sa buong mundo. Ang bawat empleyado ng PerkinElmer ay responsable upang kumilos nang may kaalaman sa pangkapaligiran, kaligtasan at kalusugan at may matuwid na pagpapasya. Kung may alam kang kalagayan na lumilikha ng panganib o maaaring maging panganib o paglabag sa batas, gaano man kaliit, iulat kaagad ang bagay na ito sa iyong tagapamahala o sa grupong Pangkapaligirang Kaligtasan at Kalusugan sa loob ng Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer.

Mga Politikal na Aktibidad

Hinihimok ng PerkinElmer ang lahat ng mga empleyado na bumoto at maging aktibo sa proseso ng politika. Subalit, iba't-ibang mga batas ang nagrerenda sa paggamit ng mga pondo ng korporasyon at mga gamit-yaman patungkol sa mga eleksyon. Ang mga pampulitikang kontribusyon ng o sa ngalan ng PerkinElmer ay ipinagbabawal. Kabilang sa mga “pampulitikang kontribusyon” ang direkta o di-direktang mga kabayaran bilang suporta sa mga kandidato para sa halal na tanggapan, mga halal na opisyal o mga partidong pampulitika. Bilang karagdagan sa mga cash na kabayaran, ipinapalagay ding kasama sa mga pampulitikang kontribusyon ang mga isinagawang gawain ng mga empleyado ng PerkinElmer sa panahon ng bayad na oras ng trabaho, paggamit ng mga pasilidad o kagamitan ng PerkinElmer, pagbili ng mga tiket sa mga pangyayaring fund-raising at kabayaran para sa mga patalastas, pag-iimprenta o iba pang mga gastusin sa kampanya. Sa mga tiyak na pangyayari, kung saan ang isang kandidato ay maaaring makabayad sa PerkinElmer o hindi tumatakbo para sa panunungkulang pederal, maaaring ilapat ang mga eksepsiyon.

Ang mga patakarang nalalapat lamang sa paggamit ng mga ari-arian ng PerkinElmer at hindi nilalayong pahinain ang loob o pigilan ang isang indibidwal na empleyado mula sa pag-aambag pampulitika o pakikibahagi sa mga aktibidad pampulitika sa ngalan nito, basta’t ang mga kontribusyon o aktibidad ay hindi nauugnay sa anumang paraan sa PerkinElmer. Walang empleyado na maaaring direkta o di-direktang mag-reimburse sa PerkinElmer para sa mga personal na pampulitikang kontribusyon.

Kung iniisip mong gamitin ang mga ari-ariang pangkorporasyon ng PerkinElmer o kung ikaw ay may anumang mga katanungan tungkol sa kung ano ang wasto at hindi wasto, dapat kang makipag-ugnayan sa Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer bago magsagawa ng aksyon.

MGA SALUNGAT NA INTERES

Pangkalahatan

Inaasahan ng PerkinElmer na tapat at tunay kang magtatrabaho sa panahon ng iyong mga nakatakdang oras ng pagtatrabaho para sa PerkinElmer at iiwas sa anumang salungat na interes, na siyang ipinagbabawal. Isang salungat na interes ang maaaring lumabas kapag ang iyong pribadong interes ay nakakaabala sa anumang paraan, o lumilitaw na nakakaabala, sa mga interes ng kabuuan ng korporasyon. Bilang halimbawa, dapat mong iwasan ang anumang pakikitungo, impluwensya o aktibidad na maaaring mahadlangan ang iyong kakayahan na makapagsagawa ng mga pagpapasyang walang-kinikilingan at makatuwiran habang isinasagawa mo ang iyong trabaho, o maaaring magbunsod sa iba sa paniniwala na ang iyong mga desisyon ay may-kinikilingan. Dapat mo ring iwasan ang anumang sitwasyon kung saan ikaw o isang miyembro ng iyong pamilya ay makatanggap ng di-wastong personal na pakinabang bilang resulta ng iyong posisyon sa PerkinElmer. Sa kahit anong panahon ay hindi mo dapat isagawa ang anumang aktibidad o pamumuhunan na magbubuhat ng anumang duda ng salungat na interes sa pagitan ng aktibidad o pamumuhunan na iyon at ang iyong nakatokang trabaho sa PerkinElmer.

Anumang oras lumitaw ang isang salungatan, o naniniwala kang ang gayong salungatan ay maaaring mabuo, dapat na buo mong ibunyag ang bagay na iyon sa Pangkalahatang Tagapayo ng PerkinElmer o sa inatasan ng Pangkalahatang Tagapayo, upang malaman kung ang isang salungatan ng interes ay umiiral, at kung gayon, ang iyong mga tungkulin sa trabaho ay babalangkasin na ang mga salungatan o kahit na ang paglabas ng isang salungatan ay hindi makakaabala sa iyong pagganap sa trabaho, o kinakailangan ang isang pagwawaksi mula sa salungatan ng interes. Ang Pangkalahatang Tagapayo, sa pakikipagtulungan ng iba pang mga kasapi ng senior management at Internal Audit, ay magtatasa ng naibigay na impormasyon, ang salungatan ng interes na ipinakita at iba pang mga katotohanan at pangyayaring ipinalalagay na angkop upang magawa ang pagkilala na naaayon sa Mga Pamantayan. Ang Pangkalahatang Tagapayo ay magbibigay-alam sa empleyado at sa tagapangasiwa ng empleyado, maging sa Punong Ehekutibong Opisyal, ng mga naisagawang katiyakan. Bigyang-pansin na ang isang kalagayang may salungat na interes na kinasasangkutan ng isang ehekutibong opisyal o direktor ay hahawakan alinsunod sa seksiyong “Mga Pamamaraan sa Imbestigasyon” ng Mga Pamantayan.

Ang mga sitwasyon na may salungat na interes ay maaaring umusbong sa maraming mga paraan. Ang ilang mga halimbawa ay ang sumusunod:

- anumang interes na pinansyal (maliban sa mga maliliit na halaga ng mga stocks o bonds sa mga publicly traded companies) sa alinmang supplier, tagapagbenta, service provider, distributor o dealer, parokyano o kakumpetensya;

- anumang pagsasangguni, ugnayang pangongontrata at pagtatrabaho sa sinumang parokyano, supplier, tagapagbenta, service provider,

distributor o dealer, o kakumpetensya

- anumang panlabas na aktibidad pangnegosyo na nakakukumpetensiya sa PerkinElmer, o naaapektuhan ng mga aktibidad pangnegosyo ng PerkinElmer
- ang pagtanggap ng mga regalo, pagtanaw-utang o pag-aliw na bukod sa mayroong maliit na halaga mula sa anumang kumpanya na kausap sa negosyo
- anumang mga pautang ng PerkinElmer sa, o naggagarantiya sa mga bayarin ng, sinumang miyembro ng pamilya ng sinumang ehekutibong opisyal o direktor

- anumang panlabas na aktibidad ng anumang uri na nagdududa sa iyong kakayahan na maglaan ng naangkop na panahon at atensyon sa iyong mga responsibilidad sa trabaho sa PerkinElmer

- pagsisilbi sa lupon ng mga direktor ng anumang para ganansiyang kumpanya, maliban kung ang ganoong pagsisilbi pinahintulutan ng Punong Ehekutibong Opisyal ng PerkinElmer

- pagkakalagak sa posisyon ng pangangasiwa, pagrerepaso o pagkakaroon ng impluwensya sa pagtatasa ng trabaho, suweldo o benepisyo ng sinumang malapit na kamag-anak o tao na mayroon kang malapit na personal na kaugnayan, sa loob ng PerkinElmer

- pagkakalagak sa posisyon na makapagpuwesto o maka-impluwensiya sa pagkakapuwesto ng negosyo ng PerkinElmer sa isang kumpanya kung saan ikaw o ang iyong pamilya ay may interes sa pagmamay-ari o may makabukuhang papel sa pamamahala.

Mga Kapamilya

Ang kahit anong bagay na naghahatid ng komplikasyon sa iyo ay maaari ding maghatid ng komplikasyon kung ito ay patungkol sa isang kasapi ng iyong pamilya o sinumang mayroon kang malapit na personal na kaugnayan. Wala sa iyo o sinuman sa iyong pamilya ang may pansariling interes sa anumang negosyo iyong pinakikitunguhan bilang bahagi ng iyong nakatakdang gawain sa PerkinElmer, maliban kung ang interes ay napakaliit (gaya ng pagmamay-ari ng mas maliit pa sa 1% ng karaniwang stock ng isang pampublikong kumpanya) o nakakuha ka ng waiver o pagwawaksi sa salungat na interes mula sa Pangkalahatang Tagapayo ng PerkinElmer o sa inatasan ng Pangkalahatang Tagapayo o, sa kaso ng sinumang ehekutibong opisyal o direktor, mula sa Lupon ng mga Direktor.

Mga Pangkorporasyon na Oportunidad

Bawat empleyado at direktor ng PerkinElmer ay may pananagutang tungkulin sa kumpanya na maitaguyod ang mga lehitimong interes nito kapag may mga oportunidad na magawa

ito. Hindi ka dapat magsamantala sa isang pagkakataon na iyong napag-alaman sa panahon ng iyong pagtatrabaho sa PerkinElmer na nakasasama sa pangkasalukuyan o posibleng interes na pang-negosyo ng PerkinElmer, tulad ng pagbili ng ari-arian na maaaring pinagkakainteresan ng PerkinElmer. Hindi ka dapat makipagkumpitensiya sa PerkinElmer.

Panlabas na Pagtatrabaho

Pana-panahon, maaaring dumating ang mga pagkakataon sa mga empleyado ng PerkinElmer na magkaroon ng kaunting part-time na pagtatrabaho o pagiging kasangguni sa labas ng PerkinElmer. Hindi tumututol ang PerkinElmer sa mga ganitong aktibidad sa kundisyong hindi ito makakaabala sa iyong pagiging produktibo o sa iyong pagganap ng pagtrabaho sa panahon ng iyong mga nakatakdang oras ng pagtatrabaho, at hangga't ang mga ito ay hindi nakakaabala o tila nakakaabala sa iyong paghuhusga o kakayahang kumilos para sa ikabubuti ng PerkinElmer, o sa ibang paraan ay nagpapamalas ng salungat na interes. Upang maiwasan ang anumang di-pagkakaunawaan, aming iminumungkahing kumuha ka muna ng pahintulot sa iyong tagapamahala bago magsimula ng anumang gawaing part-time o pagiging kasangguni. Gayon din, tandaan na dapat mong pangalagaan sa lahat ng oras ang pagkamay-ari ng PerkinElmer at mga kumpidensiyal na impormasyon at mga intektuwal na pag-aari nito, gaya ng higit pang paglalarawan sa ibaba.

Mga Suhol, Regalo at Pag-aliw

Ang mga empleyado ng PerkinElmer ay hindi dapat magbigay o tumanggap ng anumang regalo na maaaring, o tila maaaring, makaimpluwensya sa di-maayos na paraan sa isang pakikitungo o pagpapasya sa negosyo. Maaaring kabilang sa mga regalo ang mga naglipanang bagay-bagay sa pangpromosyon na may taglay na maliit na halaga, na maaari mong ibigay o tanggapin, at kabilang din sa mga ito ang mga suhol, na walang duda ay hindi mo maaaring ibigay o tanggapin. Hindi dapat magbigay ng regalo o pag-aliw sa sinumang empleyado ng gobyernong pederal ng U.S., walang kunsiderasyon sa iyong layunin o sa patunay ng inter-aksiyon, maliban kung nakipag-ugnayan ka muna sa Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer. (Tingnan din ang “Pakikitungo sa mga Empleyado ng Gobyerno” sa ibaba.) Ang pagbibigay o pagtanggap ng mga di-angkop na regalo o di-awtorisadong kabayaran ay nakakasira ng pagkamakatwiran, nagkokompromiso ng mga relasyong pangnegosyo at maaaring labag sa batas.

Mga Kusang-Handog na May Kinalaman sa Negosyo

Sa negosyong pang-komersyo, ang palitan ng mga nakaugaliang kusang-handog sa pakikipag-negosyo, tulad ng mga pakain at aliwan, sa pagitan ng mga supplier o tagatustos, parokyano at empleyado ng PerkinElmer ay maaaring matanggap kapag ito ay makatuwirang nakabatay sa isang malinaw na layuning pang-negosyo at kapag ang mga kaugnay na gastusin ay pinanatili sa isang mababa at makatuwirang halaga, hindi ipinagbabawal ng batas o ng kilalang mga kaugalian sa pakikipag-negosyo sa parokyano. Personal na pananagutan ng bawat empleyado na tiyakin na ang pagtanggap ng mga

naturang pagkain o libangan ay wasto at hindi makatwirang maituturing sa anumang paraan na isang pagtatangka ng nag-alok na partido upang makakuha ng pabor na pagtrato.

Pagtanggap ng mga Regalo

Hindi ka maaari, o kahit sinuman sa mga iyong kapamilya, na humingi o tumanggap mula sa isang tagatustos, parokyano, o iba pang tao na may pakikitungong pang-negosyo sa Kumpanya, ng kuwarta o regalo na maaaring maka-impluwensya o makatuwirang tila makakaimpluwensya sa pakikitungo sa negosyo ng PerkinElmer sa tagatustos o parokyanong iyon. Maaari kang tumanggap ng isang regalo na halos walang halaga, tulad ng isang pamigay na pangpromosyon na nakaugaliang ihandog sa iba na mayroong kawangis na pakikitungo sa parokyano o tagatustos. Kung ikaw ay hinandugan ng isang regalo na higit sa halos walang halaga o di kaya'y hindi nakaugaliang ibigay sa iba, o di kaya'y kuwarta, kailangan mo agad itong ipagbigay-alam sa iyong tagapamahala. Ang mga angkop na pag-aayos ay gagawin upang ibalik o itapon ang tinanggap, at ipapagunita sa tagatustos o parokyano ang patakaran ng PerkinElmer ukol sa regalo.

Pagbibigay ng Mga Regalo

Hindi ka maaaring magbigay ng kuwarta o anumang regalo sa sinumang tagatustos, parokyano o iba pang organisasyon kung ang pagsasagawa nito ay maaaring makaimpluwensya sa pakikitungo ng organisasyon sa PerkinElmer. Ikaw ay maaari, gayunman, na magbigay ng regalo na halos walang halaga, tulad ng bagay na pangpromosyon ng PerkinElmer, kung ito ay hindi ipinagbabawal ng batas.

Pakikitungo sa mga Empleyado ng Gobyerno

Ang PerkinElmer ay susunod sa lahat ng mga batas, alituntunin at regulasyon na may kaugnayan sa lahat ng mga pribilehiyo ng mga empleyado ng gobyerno sa lahat ng mga lokalidad at bansa kung saan may operasyon ang PerkinElmer. Ang mga katanggap-tanggap na mga gawain sa kapaligiran ng negosyong pang-komersyo ay maaaring tuluyang hindi katanggap-tanggap, at maaari pang lumabag sa ilang mga batas at regulasyon, kapag tayo ay nakikipag-usap sa mga empleyado ng gobyerno na kumikilos sa ngalan ng gobyerno. Dahil dito, dapat mong malaman, at sundin, ang mga kaugnay na batas at regulasyon na namamahala sa mga relasyon sa pagitan ng mga parokyanong gobyerno at mga tagatustos.

Hindi ka dapat mamigay ng mga regalo, kabayaran o serbisyo sa sinumang opisyal ng gobyerno, empleyado o itinalaga nang hindi muna sumasangguni sa Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer. Tingnan ang “Mga Suhol, Regalo at Pag-aliw” sa itaas. Ang pagbibigay ng pera o mga bagay na may halaga sa sinumang dayuhang opisyal o kandidato sa pulitika para sa layuning maimpluwensyahan ang isang dayuhang gobyerno ay ipinagbabawal. Tingnan ang “Foreign Corrupt Practices Act” sa itaas. Ipinagbabawal din ng batas ng U.S. ang pagbibigay ng mga “kickback,” ibig sabihin, ang paghahandog o pagtanggap ng anumang bagay na may halaga sa sinumang empleyado ng U.S o anumang dayuhang gobyerno o empleyado ng isang mataas na kontratista sa U.S o anumang dayuhang

gobyerno para sa layuning makakuha ng magandang pagtrato kaugnay sa isang kontrata ng gobyerno.

Hindi ka makakapagsagawa ng mga ipinagbabawal na pagbabayad, kahit na ang kabiguang magbayad ay magiging sanhi na ma-dehado ang PerkinElmer sa pakikipagkumpetensya o kahit kapag ikaw ay nagtratabaho sa isang bansa kung saan nakaugalian ang pagbibigay ng mga suhol at regalo sa mga opisyal ng gobyerno. Kung hindi ka nakakatiyak kung ang inaasahang kabayaran ay ayon sa batas at wasto, laging humingi ng payo sa Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer.

PAGPROTEKTA NG MGA ARI-ARIAN NG PERKINELMER

Pangkalahatan

Ikaw ay responsable para sa pangangalaga ng mga ari-arian ng PerkinElmer, kabilang ang mga pisikal nitong ari-arian tulad ng mga pasilidad, kagamitan at imbentaryo, at mga di-nahahawakang ari-arian tulad ng mga patente, karapatang-kopya at mga sikreto sa pangangalakal. Inaatasan ka nito na pangalagaan ang anumang kagamitan na pinagmamay-ari ng Kumpanya at inilagak sa iyo o ang anumang kagamitan na pagmamay-ari ng sinumang tagatustos o parokyano na ipinagkatiwala sa PerkinElmer. Gamitin at panatilihin ang mga ari-ariang ito nang may lubos na pangangalaga at respeto, nangangalaga laban sa pag-aaksaya, pag-aabuso, pagnanakaw at kawalang-ingat. Magkaroon ng kamalayan sa gastos at maging alerto sa mga pagkakataon na mapag-ibayo ang pagganap habang binabawasan ang mga gastos. Ang mga ari-arian ng PerkinElmer ay magagamit lamang sa mga lehitimong layuning pangnegosyo. Ang paggamit ng mga ari-arian, pasilidad, kagamitan at impormasyon ng PerkinElmer para sa mga layunin na hindi patungkol sa PerkinElmer ay pinapayagan lamang nang may pahintulot ng mga tagapamahala na may kapangyarihan na payagan ang ganoong paggamit. Ikaw ang may pananagutan sa pagsunod sa mga iniaatas ng mga lisensiya sa karapatang magpalathala ng programa na ginagamit sa pagganap ng mga iniaatas ng trabaho at sa pagtiyak na ang mga di-awtorisadong kopya ng lisensiyadong programa ng computer ay hindi ginagawa.

Pagkawasto ng mga Libro at Talaan at mga Pampublikong Ulat

Ang mga empleyado, opisyal at direktor ay kailangang tapat, wasto at kumpleto sa pag-uulat ng lahat ng mga transaksyong patungkol sa pagnenegosyo. Ikaw ay responsable para sa pagiging kumpleto at wasto ng iyong mga talaaan at ulat. Ang wasto at kumpletong impormasyon ay mahalaga sa kakayahan ng Kumpanya na matustusan ang mga obligasyon patungkol sa batas at regulasyon.

Ang lahat ng mga libro, talaan at account ng Kumpanya ay dapat panatilihin nang alinsunod sa lahat ng mga naaakmang regulasyon, pamantayan at pagtutuos at patakarang pangpananalapi ng PerkinElmer, at kailangang ito ay tunay na sasalamin sa totoong likas-uri ng mga transkasyon na kanilang itinatala. Ito ay sapilitan, walang kunsiderasyon kung ang mga talang ito ay magbubunyag ng di-nakakasiyang mga resulta o isang kabiguang maabot ang inaasahang antas ng

kita. Anumang tangka na ikubli ang aktuwal na resulta ng operasyon sa pamamagitan ng di-wastong pagpapakita ng mga kinita, gastos, ari-arian o pananagutan ay hindi maaari at hindi papayagan. Ang mga pahayag ng Kumpanya patungkol sa pananalapi ay susunod sa mga pangkalahatang kinikilalang tuntunin sa accounting o pagtutuos at sa mga patakaran ng Kumpanya patungkol sa pagtutuos. Walang hindi ibinunyag o hindi itinalang account o pondo ang itataguyod para sa anumang layunin. Walang mali o nakakalinlang na mga pagtala ang isasagawa sa mga libro o talaan ng Kumpanya para sa anumang dahilan, at walang paglalabas ng mga pondo ng korporasyon o iba pang mga ari-arian ng korporasyon ang isasagawa nang walang mga sapat na sumusuportang dokumento.

Patakaran ng Kumpanya na maghatid ng ganap, pantay-pantay, wasto, napapanahon at madaling maintindihan na pagbubunyag sa mga ulat at dokumento na isinampa sa, o isinumite sa, Securities and Exchange Commission at sa iba pang mga pampublikong komunikasyon.

Marami sa inyo ang hihilingin na itala ang panahon na ginugugol sa bawat araw sa bawat trabaho na iyong isinagawa. Ang pagtatalang ito ay lubos na mahalaga. Kailangan itong maging isang tunay at matapat na pagtatala ng mga oras na iyong ginugol sa bawat trabaho. Bukod sa pagsisilbi bilang mga talaan ng iyong pagpasok at oras ng pagtatrabaho para sa pagkakalkula ng iyong sahod, ang mga talaan ng oras ay kadalasan ginagamit bilang basehan para sa pagsingil sa ating mga parokyano. Ang pagpalsipika ng mga talaan ay isang panloloko, at maaari itong magbunga ng saguting kriminal o sibil. Ang mga gastusin sa pagnenegosyo ay kailangang nakadokumento sa pamamagitan ng mga resibo, ayon sa hinihingi ng mga regulasyon ng Kumpanya at tanging ang mga lehitimong gastusin sa pagnenegosyo lamang ang isasali sa iyong mga ulat sa gastos. Ikaw ay responsable para sa pagiging wasto ng iyong mga indibidwal na talaaan at ulat. Kung mayroon kang mga problema sa iyong sistema sa pagtatala ng oras, mangyaring sumangguni agad sa iyong tagapamahala.

Pakikitungo sa mga Independiyenteng Tagasuri

Walang sinumang empleyado, opisyal o direktor, direkta man o di-direkta, ang sadyang gagawa ng anumang maituturing na hindi-totoo o nakapanlilinlang na pahayag o laktawang ipahayag ang anumang maituturing na katotohanan sa isang accountant patungkol sa anumang pag-audit, pagrerepaso o pagsusuri ng mga pahayag pang-pinansyal ng PerkinElmer o ang paghahanda o pagsasampa ng anumang dokumento o ulat sa SEC. Bilang karagdagan, walang sinumang empleyado, opisyal o direktor, direkta man o di-direkta, ang magsasagawa ng anumang aksyon upang pilitin, manipulahin, linlangin o impluwensyahan sa mapanlokong paraan ang anumang independiyenteng public o certified public accountant na sangkot sa pagsasagawa ng isang pag-audit o pagrerepasyo ng mga pinansyal na pahayag ng PerkinElmer.

Pagpapribado ng Empleyado

Nirerespeto ng PerkinElmer ang iyong pagkapribado o privacy. Ang mga talaan ng tauhan at talaang pang-medikal, sahod, dagdag benepisyo, at tuntunin ng pagiging empleyado ay itinuturing na kumpidensyal at nirerendahan ang pagkuha ng ganoong impormasyon. Ang personal na impormasyon ay pangkaraniwang inilalabas lamang sa mga panlabas na partido kung may pahintulot ng empleyado, maliban sa ang PerkinElmer at mga awtorisadong indibidwal ay maaari ring maglabas ng personal na impormasyon upang matiyak ang pagtatrabaho, upang matugunan ang mga lehitimong iniaatas ng isang kumpanya o ibang entidad na kumukuha ng ilan sa pagpapatakbo ng negosyo ng PerkinElmer, o para sa mga angkop na dahilang nauukol sa imbestigasyon, negosyo o batas.

Ang mga personal na bagay, mensahe o impormasyon na itinuturing mong pribado ay hindi dapat ilagay o itago sa kahit saan sa lugar ng pagtatrabaho sa PerkinElmer, tulad ng sa mga sistema ng telepono, sistema ng computer, mga mesa o opisina. Ang pamahalaan ng PerkinElmer ay may karapatang pasukin ang mga lugar na ito at anumang iba pang mga pasilidad sa PerkinElmer. Ang mga emplyado, gayunman, ay hindi dapat pasukin ang espasyo sa trabaho ng ibang empleyado, kabilang ang mga file na elektroniko, nang walang pahintulot mula sa tagapamahala.

Pinagmamay-ariang Impormasyon

Pinangangalagaan ng PerkinElmer ang pinagmamay-arian at iba pang kumpidensyal na impormasyon at sikreto nito sa pangangalakal, at ikaw ay responsable sa pangangalaga ng mga pag-aaring ito. Ang mga ito ay ari-arian ng kumpanya na hindi dapat isiwalat o ibigay sa mga tao sa labas ng kumpanya kahit matapos umalis sa pagtatrabaho sa PerkinElmer.

Kabilang sa “Proprietary and other confidential information” ang mga bagay-bagay tulad ng: Ang teknikal o siyentipikong impormasyon ng PerkinElmer patungkol sa produkto, serbisyo at pananaliksik sa kasalukuyan at sa hinaharap; mga plano o pagtatantya sa negosyo o pagmemerkado; mga datos ukol sa kita at iba pang datos pang-pinansyal; impormasyon ukol sa mga parokyano o tagapagbenta; at mga impormasyon na idinulot ng parokyano o tagapagbenta.

Upang maiwasan ang di-sinasadyang pagsisiwalat, hindi mo dapat talakayin sa sinumang di-awtorisadong tao ang impormasyon na itinuturing ng PerkinElmer bilang kumpidensyal o yaong hindi pa isinisiwalat ng PerkinElmer sa publiko. Bilang karagdagan, hindi mo dapat talakayin ang ganoong impormasyon kahit na sa mga awtorisadong empleyado ng PerkinElmer kung ikaw ay nasa piling ng ibang mga tao na hindi awtorisado. Hindi mo rin dapat talakayin ang naturang impormasyon sa mga kasapi ng pamilya o sa mga kaibigan, na maaaring walang malay o hindi sinasadyang ipasa ang impormasyon sa ibang mga tao.

Ang natanggap na pinagmamay-ariang impormasyon mula sa mga parokyano at tagatustos ay dapat din protektahan. Kung ikaw ay dumating sa PerkinElmer mula sa ibang kumpanya, aasahan ka namin na ibigay ang parehong kunsiderasyon para sa mga sikreto sa pangangalakal ng iyong dating amo. Nirerespeto ng PerkinElmer ang iyong dating amo at ang mga karapatan nito sa mga sikreto sa pangangalakal. Inaasahan ka namin na huwag ibunyag ang kahit ano na may kinalaman sa isang pinagmamay-ariang produkto o proseso

para sa parehong mga kadahilanan na inaasahan ka namin na tulungang panatilihin na ekslusibo ang mga karapatan ng PerkinElmer. Kung mayroon mang anumang pagrerenda sa iyong aktibidad bilang resulta ng dating pagtatrabaho, ang mga ito ay dapat na maibunyag sa kasulatan sa iyong tagapamahala bago ka pag-umpisa ng iyong pagtatrabaho sa PerkinElmer.

Huwag kailanman magbibigay ng kumpidensyal na impormasyon tungkol sa PerkinElmer sa sinumang panlabas na partido o tumanggap ng ganoong impormasyon mula sa sinuman maliban kung ang PerkinElmer ay mayroong isang may-bisang kasunduan sa pagka-kumpidensyal (binding confidentiality agreement) sa partidong iyon. Kapag may kaalaman ka tungkol sa kumpidensyal na impormasyon na para sa PerkinElmer o iba pang kumpanya, dapat mong panatilihin itong kumpidensyal. Hindi ito dapat isiwalat kahit sa mga tauhan ng PerkinElmer, maliban kung inawtorisa sa ilalim ng kasunduan at maliban kung ang pagsisiwalat ay kailangan para sa mga layunin ng kasunduan.

Mga Karapatan sa Ari-ariang Talino ng PerkinElmer (PerkinElmer Intellectual Property Rights)

Isa sa mga bagay kung kaya binabayaran ang mga empleyado ay upang maging maalalahanin tungkol sa kanilang mga trabaho; upang tuklasin at mag-isip kung paano maghahatid ng mga produkto na may mas mabuting kalidad, mas mahabang buhay, o mas mababang gastos. Ang ilang mga empleyado ay partikular na itinatalaga upang bumuo ng mga bagong produkto o bagong pamamaran. Paminsan-minsan, ang ilan sa mga bagong produkto, pamamaraan, o ideya para sa pag-iibayo ay maaaring maisampa para magkaroon ng patente.

Noong ikaw ay sumali sa PerkinElmer, kinailangan kang lumagda ng isang kasunduan kung saan ikaw, bilang isang empleyado ng PerkinElmer, ay umaako ng mga partikular na obligasyon patungkol sa ari-ariang talino at maging ang pagbibigay-turing sa kumpedensyal na impormasyon. Kabilang sa iba pang mga bagay sa kasunduan, itinatalaga mo sa PerkinElmer ang lahat ng iyong mga karapatan, titulo, at interes sa ari-ariang talino na iyong nabuo kapag ikaw ay nagtatrabaho sa ilang mga kapasidad. Kabilang sa ari-ariang talino na iyong inilalagak ang mga bagay-bagay tulad ng mga ideya, imbensyon, mga computer programs at dokumento na patungkol sa negosyo ng PerkinElmer, pananaliksik o pagbubuo na iminungkahi, o sanhi ng, mga trabaho sa mga gawain na iyong isinasagawa para sa, o sa ngalan ng, PerkinElmer. Ang ari-ariang talino na iyon ay kailangang maiulat sa PerkinElmer, at ang ari-arian ay kailangang maprotektahan tulad ng anumang iba pang pinagmamay-ariang impormasyon ng PerkinElmer. Lahat ng mga aplikasyon sa patente na nauugnay sa ari-ariang talino ay dapat na i-file ng o may pahintulot ng Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer. Kung, gayon pa man, ikaw ay naniniwala na ang iyong ideya, imbensyon o computer program ay hindi saklaw ng aktuwal o inaasahang interes sa negosyo ng PerkinElmer, o di kaya'y hindi nagbuhat mula sa o iminungkahi ng, anuman sa iyong mga pagtatalaga sa trabaho sa PerkinElmer, kailangan mo itong talakayin sa Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer.

MGA TRANSAKSYON SA GOBYERNO NG U.S.

Pangkalahatan

Ang magagandang etika sa pagnenegosyo, de-kalidad na produkto at integridad sa pagtugon sa mga obligasyon ay mahalaga kapwa sa mga pagnenegosyo sa gobyerno at komersyo. Subalit, ang mga tagatustos sa mga ahensya ng gobyerno ay mayroong mga karagdagang pangangailangan na hindi kadalasang matatagpuan sa mga pangkaraniwang transaksyon sa komersyo. Patakaran ng PerkinElmer na sumunod sa lahat ng mga naaakmang batas, regulasyon at tuntunin sa kontrata ng U.S. Ang ilang lugar na nangangailangan ng partikular na atensiyon ay ang mga sumusunod.

Mga Gastusin

Sa mga transaksyon sa komersyo hindi karaniwang kinakailangan na ang mga gastusing kaugnay sa isang produkto o serbisyo ay maipaliwanag sa parokyano bago pag-usapan ang presyo o di kaya'y matapos ang transaksyon. Subalit, sa mga pagnenegosyo sa gobyerno na may kaugnay na negosasyon, nakapirmi man ang presyo o hindi, karaniwan ang gobyerno ang may karapatan na i-audit ang mga pagtatantya na ginamit sa pagtutukoy ng ipinapanukalang presyo maging ang mga gastusin na tinamo sa pagganap ng kontrata. Dagdag dito, may mga takda sa mga gastos na ipinahihintulot para sa mga kontrata ng gobyerno na hindi inilalagay sa pangkaraniwang mga transaksiyong pangkomersiyo.

Tanging ang mga pinapayagang halaga na maayos na maikakarga sa kliyente ang maaaring singilin sa o ibigay muli ng Gobyerno ng U.S., at bahagi lamang ng halaga na nauugnay sa tiyak na sangkot na gawaing gobyerno ang maisusumite. Kabilang sa mga halimbawa ng di-akmang pagpapataw ng mga gastos ang di-totoo o di-wastong datos sa mga sumusunod na kategorya: mga singil sa subcontractor, pag-uuri ng mga gastos sa pagitan ng direkta at di-direktang mga kategorya, pagsusumite ng account sa gastusin, at pagsingil ng oras at materyales. Bigyang-pansin na ang wastong alokasyon ng mga halaga ay kasing-importante ng pag-iwas sa sobrang pagsingil. Gayon din, ang aming impormasyon ay dapat lamang isumite kung may wastong pangangalaga laban sa di-angkop na pagkakabunyag ng isang ahensiya ng gobyerno o isang mas nakatataas na kontratista.

Mga Panukala at Gastos o Datos sa Pagpepresyo

Bukod sa pangkalahatang pangangailangan na ang datos na isinumite sa Gobyerno ng U.S. ay maaaring hindi totoo o nakakalito, mayroong mga partikular na pangangailangan patungkol sa pagsusumite at pagbubunyag ng datos sa gastusin o presyo bilang suporta sa mga panukala at negosasyon sa kontrata. Ang mga empleyado ng PerkinElmer na sangkot, direkta man o di-direkta, sa paghahanda ng isang panukala ay kailangang magsagawa ng mga sapat na pag-iingat upang makatiyak na ang mga datos sa gastusin o presyo ay pangkasalukuyan, wasto at kumpeto, ay maayos na ibinubunyag sa mga kinatawan ng gobyerno, at pinanatili sa loob ng naaakmang tagal ng panahon. Mayroon ding mga malawakang pagrerenda sa lahat ng mga pagkuha ng pederal na pamahalaan patungkol sa pagkupkop, mga pagsubok na makakuha, at pagbubunyag ng impormasyon ukol sa pagpili

ng pagkukunan ng gobyerno at pinagmamay-ariang impormasyon ng kumpanya. Ang gayong impormasyon ay maaari lamang kunin para ilabas ng kaukulang ahensiya ng gobyerno na nasasangkot.

Integridad ng Produkto

Ang paglilihis mula sa mga naangkop na pagtatakda ng kontrata kasangkot ang mga produkto, piyesa, materyales, pagsusuri, o iba pang paglilihis, nang walang naunang pagbibibgay-awtorisasyon mula sa gobyerno, ay ipinagbabawal.

Pakikipag-ugnayan sa mga Empleyado ng Gobyerno

Ang bawat ahensya ng Gobyerno ng U.S. Government ay mayroong mga regulasyon na nagbabawal sa mga tauhan ng ahensya na tumanggap ng pag-aliw, mga regalo, pagtanaw ng utang na loob, kabayaran o iba pang mga pag-aalay patungkol sa pagnenegosyo na maaaring katanggap-tanggap sa sektor ng komersyo, kahit na kung ito'y halos walang halaga. Ang liham at intensiyon ng mga naturang regulasyon ay dapat maunawaan at sundin ng PerkinElmer at mga empleyado nito.

Pagtatatrabaho ng Mga Dating Empleyado ng Gobyerno at mga Alok ng Trabaho sa Mga Kasalukuyang Empleyado ng Gobyerno

Ang lahat ng mga naaakmang batas at regulasyon na sumasaklaw sa pagtanggap sa trabaho ng PerkinElmer ng mga dating empleyado ng gobyerno ay kailangang sundin upang maiwasan ang anumang salungat na interes. Ang mga alituntuning ito ay maaaring magbawal sa pagtatrabaho o paglimita sa mga tungkuling nakatalaga at ginaganap ng mga taong ito. Sa kaso ng mga tukoy na kasalukuyang opisyal ng gobyerno na may kinalaman sa pamimili, maaaring hindi man lang talakayin sa kanila ng PerkinElmer ang mga oportunidad trabaho o sa pagnenegosyo sa loob ng ilang panahon, gaya ng kapag kanilang ipinapalagay o may kapangyarihan sila na impluwensiyahan ang isang desisyon na makakaapekto sa PerkinElmer. Pananagutan ng empleyado ng PerkinElmer na kumukuha ng tao na maintindihan at sundin ang mga regulasyong nauukol sa pagkuha ng mga kasalukuyan o dating empleyado ng gobyerno.

Ang mga pagrerenda sa pagtatalaga ng trabaho o aktibidad sa ngalan ng PerkinElmer, na ipinapataw bilang resulta ng dating pagtatrabaho sa gobyerno o sa ibang lugar, ay kailangang ibunyag sa isang kasulatan bago simulan ang pagtatrabaho. Responsibilidad ng isang nagbabalak magtrabaho na ibunyag ang kaugnayang ito sa PerkinElmer at maging tiyak na walang mga gawain ang isinasagawa para sa PerkinElmer na magkakaroon ng komplikasyon sa mga regulasyon ng gobyerno. Hindi sadyang magtatalaga ng naturang mga gawain ang PerkinElmer.

Impormasyon ukol sa Seguridad ng Gobyerno

Ang bawat isa sa atin na maaaring makakalap ng impormasyon na inililihim ng gobyerno ay nakatuon sa pagpoprotekta ng seguridad ng impormasyon iyon.

Nangangahulugan ito na ang trabaho ay maaari lamang talakayin kasama ang mga tao na mayroong naangkop na pahintulot sa seguridad (security clearances) at isang malinaw, tunay na pangangailangan upang talakayin ang trabaho. Dapat kang sumunod sa mga pamamaraan sa seguridad upang mapangalagaan laban sa di-pinapayagang pag-akses sa iba pang mga datos, gaya ng mga yaong nakaimbak sa paraang elektroniko at naa-akses sa pamamagitan ng intranet o yaong nakaimbak sa anyong pisikal.

Ang paglabag sa mga regulasyon patungkol sa seguridad ay isang malubhang kamalian. Ipapaliwanag ng iyong tagapamahala ang mga proseso at patakaran na pang-seguridad na dapat sundin sa iyong lokasyon. Mangyaring sumangguni sa iyong tagapamahala kung, sa anumang oras, ikaw ay naguguluhan tungkol sa mga regulasyon ukol sa seguridad, o tungkol sa kung maaari mong talakayin o hindi ang iyong trabaho sa ibang tao.

Bagaman karamihan sa ipinaglilihim na impormasoyn na natatanggap ng PerkinElmer ay mula sa Gobyernong U.S. o sa mga kontratista nito, ang mga responsibilidad ay sumasaklaw sa inililihim na impormasyon na ipinagtitiwala sa PerkinElmer ng lahat ng mga gobyerno at ng kanilang mga kontratista. Dapat ding maingat nating igalang ang mahihigpit na tuntunin ng gobyerno tungkol sa mga tao na maaaring wastong mabigyan-daan sa, at nag-aangkin ng, mga kopya ng klasipikado o ibang datos na mahalaga sa depensa.

PAKIKITUNGO SA MGA MAMUMUHUNAN AT KOMUNIKASYONG PANG-KORPORASYON

Ang PerkinElmer ay isang korporasyon na ikinakalakal sa publiko (publicly traded corporation) at ang mga batas patungkol sa seguridad ay sumasaklaw sa mga komunikasyon sa mga stockholder ng PerkinElmer. Ang mga Komunikasyon mula sa sinumang stockholder o tagapag-abiso sa pamumuhunan na humihiling ng impormasyon patungkol sa PerkinElmer ay kailangang maipasa sa Kagawaran sa Pakikitungo sa Mamamumuhunan ng PerkinElmer (Investor Relations Department) para sa maayos na pangangasiwa. Ang sinumang empleyado na hiningan ng anumang pahayag ng sinumang kasapi ng media ay dapat ding isangguni ang kahilingang ito sa Kagawaran sa Komunikasyong Pang-Korporasyon ng PerkinElmer (Corporate Communications). Patakaran ng PerkinElmer na huwag magbigay ng komentaryo o sumagot sa mga tanong o bulung-bulungan tungkol sa isang inaasahang pangyayari o transaksiyon ng korporasyon hanggang ang naturang panahon na tulad ng pormal na pahayag sa publiko ay magawa.

PAGPAPATUPAD NG MGA PAMANTAYAN NG PAG-UUGALI SA PAGNENEGOSYO

Bilang direktor, opisyal o empleyado ng PerkinElmer, obligasyon mong iulat sa PerkinElmer ang pag-uugali na pinaniniwalaan mo, nang walang masamang hangarin, bilang isang paglabag sa mga batas, regulasyon, mga Pamantayan na ito, o mga patakaran ng PerkinElmer, kasama ang anumang mga bagay-bagay sa pagtutuos at pagsusuri. Ang mga ulat na iyon ay maisasagawa nang walang-lagda.

Hindi ka sasailalim sa ganting-pinsala para sa pag-uulat, nang walang masamang hangarin, ng impormasyon na pinaniniwalaan mong lumalabag sa batas, mga regulasyon o Mga Pamantayang ito. Hindi didisiplinahin, bibigyan ng ibang pagturing o gagantihan ng PerkinElmer ang sinumang empleyado dahil sa pag-ulat ng isang reklamo o ikinababahala, maliban kung napag-alaman na ang pag-ulat ay isinagawa habang nalalaman na ito ay hindi totoo.

Sagutin namin ang aming pag-uugali sa pagnenegosyo at may panganib na mawawala sa amin ang aming mga trabaho kung kami ay nabigo, kahit na sa unang pagkakataon, na sundin ang mga batas na sumasaklaw sa aming negosyo at sumunod sa Mga Pamantayan na ipinapahayag sa dokumentong ito. Ang katotohanan na ang aming kakumpetisyon ay maaaring kumilos nang kakaiba ay hindi isang dahilan upang mabigong masunod ang antas ng pag-uugali sa negosyo na kinakailangan makamit ng mga empleyado ng PerkinElmer. Hindi nito ikinokompromiso ang mga pananagutang ito upang matugunan ang mga plano ukol sa pananalapi o itaas ang mga tubo.

Mga Pamamaraan sa Pag-uulat

Hinihimok ng PerkinElmer ang mga empleyado na talakayin sa kanilang mga tagapamahala ang mga katanungan ukol sa interpretasyon at aplikasyon ng Mga Pamantayang ito at upang iulat sa kanilang tagapamahala ang anumang mga pinaghihinalaang paglabag. Ang bawat tagapamahala ng PerkinElmer ay mayroong isang espesyal na responsibilidad upang bumuo at panatilihin ang isang kapaligiran sa trabaho na nag-uudyok ng pag-uugaling sang-ayon sa magandang etika at bukas na komunikasyon patungkol sa mga isyu at ikinababahala sa etika. Ikaw ay iniimbitahan na malayang talakayin ang lahat ng katanungan o inaalala kasama ang sinumang tagapamahala ng PerkinElmer.

Kung, gayon pa man, hindi ka komportableng magpunta sa iyong tagapamahala o kung ang iyong mga katanungan o ikinababahala ay hindi kasiya-siyang nahawakan ng iyong tagapamahala, sa halip ay maaari mong:

- Makipag-ugnayan sa iyong lokal na lider ng Yamang-tao o Pananalapi.
- Direktang makipag-ugnayan sa isa sa mga gamit-yaman na tinutukoy sa dokumentong ito o sa mga indibidwal at kagawarang nakalista sa likod ng dokumentong ito.
- Tumawag at mag-iwan ng mensahe sa teleponong Hotline sa Etika ng PerkinElmer:

Sa Estados Unidos:	866-723-0561
Sa labas ng Estados Unidos:	(+1) 781-663-6905

  Libre ang tawag na ito sa Estados Unidos, nguni't may bayad ang tawag sa labas ng Estados Unidos.
- Magpadala ng mensahe sa pamamagitan ng elektronikong pahatid-sulat sa ethics.hotline@perkinelmer.com.

Ang Hotline at ang elektronikong mailbox ay kapwa binabantayan ng Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer at ang akses sa impormasyong isinumite ay mahigpit na limitado doon sa mga may kailangang makaalam ng impormasyon.

Kung ang iniulat na paglabag ay nagsasangkot sa isang miyembro ng Kagawarang Pambatas ng PerkinElmer o sa halip ay nais mong mag-ulat sa sinuman sa labas ng Kagawarang Pambatas, maaari kang makipag-ugnayan sa Bise Presidente – Panloob na Pagsusuri sa numero ng teleponong nakalista sa hulihan ng dokumentong ito. Kung naniniwala ka na ang isang nasabing paglabag sa batas, mga regulasyon o Mga Pamantayan na ito ay kinasasangkutan ng isang opisyal o direktor ng korporasyon o kaya ay maselang sapat para sa marapat na atensiyon ng Lupon ng mga Direktor, maaari mong hanapin ang alinman sa mga channel ng pag-uulat na nakabalangkas sa itaas o maaari kang makipag-ugnayan sa Pangunahing Direktor ng Lupon ng mga Direktor ng PerkinElmer sa pamamagitan ng pagpapadala ng impormasyon sa Pangunahing Direktor, c/o Tanggapan ng Pangkalahatang Tagapayo, 940 Winter Street, Waltham, MA 02451.

Maaari kang magbigay ng impormasyon nang walang lagda kung pipiliin mo. Mangyaring alamin, gayon man, na kadalasan ay mas mahirap na lubusang mag-imbestiga ng mga isyu na ipinarating nang walang lagda at maaaring hindi mo malaman ang kinahinatnan ng imbestigasyon.

Sa pagpapatupad ng mga pamamaraan sa pag-uulat nito, ang PerkinElmer ay nagsisikap na makasunod sa mga dayuhang batas, kasama nang walang limitasyon ang pagbabatas ng pangangalaga sa mga datos ng European Union at mga kasaping Estado nito.

Mga Pamamaraan sa Imbestigasyon

Kung ang PerkinElmer ay nakatanggap ng impormasyon tungkol sa isang sinasabing paglabag sa batas, regulasyon o Mga Pamantayang ito, ang Pangkalahatang Tagapayo (o itinalaga nito), bilang naangkop, sa kolaborasyon kasama ng iba pang mga kasapi ng nakatataas na patnugutan o senior management at Panloob na Pagsusuri ay: (a) mag-aaral sa ganoong impormasyon, (b) kung ang di-umano'y paglabag ay sangkot ang isang ehekutibong opisyal o direktor, ipagbigay-alam sa Punong Ehekutibong Opisyal at sa Lupon ng mga Direktor ang di-umano'y paglabag, (c) tukuyin kung kinakailangan na makapagsagawa ng isang di-pormal na pagsisiyasat o isang pormal na imbestigasyon at, kung ganoon nga, ay umpisahan ang ganoong pagsisiyasat o imbestigasyon at (d) iulat ang mga resulta ng anumang ganoong pagsisiyasat o imbestigasyon, kasama ang isang rekumendasyon patungkol sa pamamahala ng bagay na iyon, sa Punong Ehekutibong Opisyal para aksyunan, o kung ang di-umano'y paglabag ay sangkot ang isang ehekutibong opisyal o isang direktor, iulat ang mga resulta na anumang ganoong pagsisiyasat o imbestigasyon sa Lupon ng mga Direktor o sa isang kumite nito. Ang mga empleyado, opisyal at direktor ay inaasahang ganap na makikipagtulungan sa isang pagsisiyasat o imbestigasyon na isasagawa ng PerkinElmer patungkol sa isang di-umano'y paglabag ng Mga Pamantayan na ito. Ang kabiguang makipagtulungan sa isang pagsisiyasat o imbestigasyon ay maaaring maging sanhi ng isang aksyon sa pagdidisiplina, hanggang sa at kabilang ang pag-alis sa trabaho.

Tutukuyin ng PerkinElmer kung may nangyaring paglabag sa Mga Pamantayan na ito at, kung mayroon man, tutukuyin nito ang mga hakbang sa pagdidisiplina na isasagawa laban sa sinumang empleyado na lumabag sa Mga Pamantayan. Kung sakaling sa di-umanong paglabag ay sangkot ang isang ehekutibong opisyal o direktor, ang Lupon ng mga Direktor ang magpapasya kung mayroon ngang nangyaring paglabag ng Mga Pamantayan at, kung mayroon nga, tutukuyin ang mga hakbang sa pagdidisiplina na isasagawa laban sa naturang ehekutibong opisyal o direktor. Mangyaring tandaan na ang isang taong nag-uulat ng diumano’y isang paglabag sa batas, mga regulasyon o Mga Pamantayan na ito, kahit na ang ulat na iyon ay hindi walang-lagda, ay maaaring hindi makaalam kung ang imbestigasyon ay umiiral o tapos na, o mga resulta ng imbestigasyon.

Ang kabiguang sumunod sa Mga Pamantayan ay maaaring magdulot ng hakbang sa pagdidisiplina, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga pagsasabi, pagbabala, pagsubok o pagkasuspinde nang walang sahod, pagbababa ng ranggo, pagbabawas sa suweldo, pag-aalis sa trabaho at paghihiganti. Ang ilang mga paglabag ng mga Pamantayan ay maaring kailanganin ang PerkinElmer na sumangguni sa mga naakmang awtoridad sa gobyerno o pang-regulasyon para sa pag-iimbestiga o pagsasakdal. Bilang karagdagan, ang sinumang tagapangasiwa na mag-uutos o magbibigay-pahintulot sa pag-uugali na lumalabag sa Mga Pamantayan, o sinuman na may kinalaman ng ganoong pag-uugali at hindi agad iniuulat iyon, ay papatawan din ng hakbang sa pagdidisiplina, hanggang sa at kabilang ang pag-aalis sa trabaho.

Mga Pagliliban at Pagwawaksi

Bagaman ilan sa mga patakaran na nakapaloob sa Mga Pamantayan na ito ay kailangang sundin at walang pahihintulutang mga pagliliban, sa ibang mga kaso ay maaaring naaakma ang mga pagliliban. Para sa mga pagwawaksi sa mga salungat na interes, ang pamamaraang inilarawan sa itaas sa "Mga Salungat na Interes" ay dapat na sundin. Ang sinumang empleyado na naniniwala na ang pagliliban sa alinman sa mga patakarang ito, liban pa sa mga yaong tumutukoy sa mga salungat na interes, ay naangkop sa kanyang kaso ay kailangan munang makipag-ugnayan sa kanyang pinakamalapit na tagapangasiwa. Kung sumang-ayon ang tagapangasiwa na naangkop ang isang pagliliban, kailangang makuha muna ang nasusulat na pagpayag ng Pangkalahatang Tagapayo o Abogado. Ang Pangkalahatang Tagapayo o Abogado ang responsable para sa pagpapanatili ng isang talaan ng lahat ng mga paghiling para sa mga pagliliban sa alinman sa mga patakarang ito at ang pamamahala sa mga ganoong paghiling.

Ang sinumang ehekutibong opisyal o direktor na humihiling ng pagliliban sa alinman sa mga patakarang ito ay kailangang makipag-ugnayan sa Pangkalahatang Tagapayo o Abogado. Ang anumang pagwawaksi ng Mga Pamantayan na ito para sa mga ehekutibong opisyal o direktor o anumang pagbabago sa mga Pamantayan na ito na sumasaklaw sa mga ehekutibong opisyal o direktor ay maaari lamang maisagawa ng Lupon ng mga Direktor ng PerkinElmer at ibubunyag ayon sa ipinag-uutos ng batas at ng regulasyon sa stock market.

PAGSISIWALAT AT PAGBABAGO

Ang Mga Pamantayan ay maaari ding isalin sa maraming wika at makukuha ng mga empleyado ng PerkinElmer sa pamamagitan ng intranet website ng PerkinElmer. Ang impormasyon patungkol sa kung paano makakakalap o makakakuha ng isang kopya ng Mga Pamantayan ay ibibigay din sa bawat bagong empleyado, opisyal o direktor ng PerkinElmer sa pag-uumpisa ng kanyang pagtatrabaho o iba pang pakikitungo sa PerkinElmer. Ang Mga Pamantayan ay maaari ding makuha ng publiko sa pamamagitan ng panlabas na website ng PerkinElmer sa www.perkinelmer.com.

Taglay ng PerkinElmer ang karapatan na baguhin, ayusin o wakasan ang Mga Pamantayan sa anumang oras sa anumang kadahilanan. Ang dokumentong ito ay hindi isang kontrata sa pagiging empleyado sa pagitan ng PerkinElmer at sinuman sa mga empleyado, opisyal o direktor nito.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Para sa karagdagang paggabay, ang mga sumusunod na gamit-yaman ng PerkinElmer ay maaari mo ring gamitin.

Punong Ehekutibong Opisyal:	781-663-5595
Punong Ehekutibong Opisyal:	781-663-5654
Pangkalahatang Tagapayo:	781-663-5775
Mga Suliraning Pangregulasyon:	781-663-5777

Tagakontrol at Punong Opisyal sa Pagtutuos:	781-663-5661
Panloob na Pagsusuri:	781-663-5665
Komunikasyong Pangkorporasyon:	781-663-5701
Pakikitungo sa mga Mamumuhunan:	781-663-5659
Yamang-Tao:	781-663-5700